

## Esau at Jacob

(Genesis 25-27)

Lumipas ang maraming taon, si Isaac, ang ipinangakong anak ng Diyos sa mag-asawang Abraham at Sara, ay nag-asawa. Siya ay si Rebecca.



Dumating ang panahon na si Rebecca ay nagdalang-tao ng kambal. Hindi naging madali ang kanyang pagbubuntis dahil sa tiyan pa lamang ay nagtutulakan na ang dalawa. Tinanong niya ang Diyos kung bakit ganoon ang nangyayari sa kanya. Ipinaliwanag sa kanya ng Diyos na dalawang sanggol ang dala niya sa loob ng kanyang tiyan, na larawan ng dalawang bansa na magiging magkalaban; magiging higit na malakas ang mas bata kaysa sa nauna, kaya maglilingkod ang mas matanda sa bata niyang kapatid.

Dumating ang panahon na nanganak si Rebecca. Mamula-mula ang kutis at mabalahibo ang katawan ng panganay, kaya't Esau ang ipinangalan dito. Nang lumabas ang pangalawa, nakahawak ito sa sakong ng kanyang kambal kaya Jacob naman ang itinawag sa kanya.

Lumaki ang mga bata. Naging mahusay na mangangaso si Esau at madalas sa bukid. Si Jacob naman ay tahimik at nagtrabaho malapit sa kanilang tahanan. Higit ang pagtingin ni Isaac kay Esau, samantalang mas mahal naman ni Rebeca si Jacob.

Minsan dumating si Esau galing sa pangangaso at nakitang nagluluto ng sabaw ang kapatid. Humingi siya ng sabaw kay Jacob dahil siya ay gutom na gutom na. "Ibigay mo muna sa akin ang iyong karapatan bilang panganay" sagot naman ni Jacob.

Pumayag si Esau na ibigay ang kanyang karapatan bilang panganay sapagkat wala na itong silbi kung siya ay patay na dahil sa kagutuman. Hindi ito pinahalagahan ni Esau subalit alam ni Jacob ang kahalagahan nito. Sumumpa si Esau, at ibinigay kay Jacob ang karapatan ng pagiging panganay. Ibinigay

naman ni Jacob kay Esau ang niluto niyang gulay at binigyan pa ito ng tinapay. Matapos kumai't uminom, umalis na agad si Esau.

Si Isaac ay matanda na at halos hindi na nakakakita kaya pinatawag niya ang kanyang panganay na si Esau.

"Anak, matanda na ako at malapit ng mamatay. Pumunta ka sa parang at mangaso. Ihuli mo ako ng hayop at lutuin ang putahing gusto ko. Pagkakain ko'y igagawad ko sa iyo ang aking basbas bago ako mamatay." Sinunod ni Esau and sinabi ng ama.

Narinig ni Rebecca ang pag-uusap nila Isaac at Esau. Kaya't nang umalis si Esau upang sundin ang bilin ng ama, tinawag ni Rebeca si Jacob. Sinabi ni Rebecca sa anak ang kanyang narinig. Sinabi niya kay Jacob "Ganito ang gawin mo anak, kumuha ka agad ng dalawang bata at matabang kambing at iluluto ko para sa iyong ama ang pagkaing gustong-gusto niya. Ipakain mo sa kanya upang ikaw ang mabigyan ng basbas bago siya mamatay."

Nag-alangan si Jacob sapagkat balbon si Esau samantalang siya ay hindi. Ngunit sumunod siya sa inutos ng ina. Kumuha nga si Jacob ng kambing, at iniluto ng kanyang ina ang putahing gustong-gusto ni Isaac. Binihisan ni Rebeca si Jacob ng pinakamagarang damit ni Esau. Ang mga braso at leeg ni Jacob ay binalutan niya ng balat ng kambing. Pagkatapos, ipinadala sa anak ang putahe na niluto niya.

Lumapit si Jacob kay Isaac "Ama!" sabi niya.

"Sino ka ba?" tanong nito.

"Ako po si Esau," sagot ni Jacob. Sinabi niyang dala na niya ang pagkaing pinaluto ng ama.

Nagtanong muli si Isaac, "Ikaw ba talaga si Esau? Lumapit ka nga rito nang matiyak ko kung ikaw nga." Lumapit naman si Jacob at siya'y hinawakan ng ama. "Kay Jacob ang tinig ngunit ang bisig ay parang kay Esau!" wika ni Isaac. Hindi niya nakilala si Jacob, sapagkat ang mga bisig nito'y mabalahibo ring tulad ng kay Esau.

Iniabot ni Jacob ang pagkain sa ama. Matapos kumain, pinalapit ni Isaac ang anak upang siya ay hagkan. Nang lumapit si Jacob upang hagkan ang ama, naamoy nito ang kanyang kasuotan, kaya't siya'y binasbasan.

Matapos igawad ni Isaac ang basbas, umalis na si Jacob. Hindi nagtagal ay dumating na si Esau dala-dala ang ang nilutong pagkain. Tinanong ni Isaac kung sino ang dumating at tumugon naman si Esau. Nanginig ang buong katawan ni Isaac at nabatid na ang nabasbasan niya na nauna ay si Jacob.

Humagulgol ng iyak si Esau nang marinig ito at nagmakaawang siya ay basbasan pa rin. Ngunit wala nang maibibigay sa kanya ang ama sapagkat nabigay na niya ito kay Jacob.

Namuhi si Esau kay Jacob kaya't pinagisipan niyang ito ay patayin. Nalaman ni Rebeca ang balak ni Esau, kaya't pinaalis ni Rebeca si Jacob at pinapunta niya ito sa Haran kung saan naninirahan ang kanyang kapatid na si Laban. Binilinan niya si Jacob na doon muna manirahan hanggat hindi humuhupa ang galit ni Esau.

Makalipas ang mahabang panahon, sinabi ng Diyos kay Jacob na muling bumalik sa lupain ng kanyang mga magulang at kamag-anak. Naglakbay si Jacob kasama ang kanyang pamilya, alipin at mga pag-aari. Napagalaman naman ni Esau ang muling pagbabalik ng kapatid kaya naman nagdesisyon itong salubungin siya sa daan.

Natanaw ni Jacob ang kapatid na si Esau kaya't ito ay yumuko. Patakbong sinalubong naman siya ng kapatid, niyakap ng mahigpit at hinagkan.

Sina Esau at Jacob ay nagkapatawaran.

Ang Diyos ay mapagpala kaya ang tao ay nakakatanggap ng pagpapala mula sa Kanya. Ang mga nagtitiwala sa Diyos ay tumatanggap ng natatanging pagpapala mula sa Kanya. Mararanasan ang pagpapala na ito kung tayo ay may pagtitiwala sa Kanya at sinusunod ang Kanyang mga tagubilin. Ikaw ba ay naniniwala na may nakalaang natatanging pagpapala ang Diyos sa iyong buhay?

